PAHAYAG SA IMPORMASYON TUNGKOL SA BAKUNA

Bakuna sa Rotavirus:
Ano ang Kailangan Mong Malaman

Many vaccine information statements are available in Tagalog and other languages. See www.immunize.org/vis

Maraming pahayag sa impormasyon tungkol sa bakuna ang available sa Filipino at iba pang wika. Tingnan ang www.immunize.org/vis.

1. Bakit dapat magpabakuna?

Mapipigilan ng bakuna sa Rotavirus ang **sakit sa rotavirus**.

Karaniwang nagdudulot ang rotavirus ng malubha at matubig na pagtatae, kadalasan na sa mga sanggol at batang paslit. Pangkaraniwan din ang pagsusuka at lagnat sa mga sanggol na may rotavirus. Maaaring ma-dehydrate ang mga bata at mangailangang maospital at maaari pa ngang mamatay.

2. Bakuna sa rotavirus

Ang bakuna sa rotavirus ay ibinibigay sa pamamagitan ng mga pagpatak sa bibig ng bata. Dapat makatanggap ang mga sanggol ng 2 o 3 dosis ng bakuna sa rotavirus, depende sa ginamit na brand ng bakuna.

- Dapat ibigay ang unang dosis bago ang ika-15 linggong gulang.
- Dapat ibigay ang huling dosis bago ang ika-8 buwang gulang.

Halos lahat ng sanggol na nakatanggap ng bakuna sa rotavirus ay protektado mula sa malulubhang pagtataeng dulot ng rotavirus.

Ang isa pang virus na tinatawag na "porcine circovirus" ay maaaring matagpuan sa isang brand ng bakuna sa rotavirus (Rotarix). Hindi ito nagdudulot ng empeksyon sa mga tao, at walang nalalamang panganib sa kaligtasan.

Puwedeng isabay ang bakuna sa rotavirus sa iba pang bakuna.

3. Makipag-usap sa iyong health care provider

Sabihin sa magtuturok ng bakuna kung ang tuturukang tao ay:

- Nagkaroon na ng **allergic na reaksyon pagkatapos ng pagbibigay ng naunang dosis ng bakuna sa rotavirus**, o mayroong anumang **malala at nakakapagsapanganib ng buhay na allergy**
- May **mahinang immune system**
- May **severe combined immunodeficiency** (SCID)
- Nagkaroon na ng isang uri ng pagbabara sa daluyan ng dumi (bowel blockage) na tinatawag na "**intussusception**"

Sa ilang kaso, maaaring magdesisyon ang health care provider ng iyong anak na ipagpaliban ang bakuna sa rotavirus hanggang sa susunod na pagbisita.

Puwedeng mabakunahan ang mga sanggol na may mga banayad na karamdaman, gaya ng sipon. Kadalasang kailangang maghintay ng mga sanggol na may bahagya o malalang karamdaman hanggang sa gumaling sila bago tumanggap ng bakuna sa rotavirus.

Mabibigyan ka ng health care provider ng iyong anak ng higit pang impormasyon.

4. Mga panganib sa pagkakaroon ng reaksyon sa bakuna

- Puwedeng mangyari ang pagiging iritable o banayad at pansamantalang pagtatae o pagsusuka pagkatapos ng bakuna sa rotavirus.

Ang intussusception ay isang uri ng pagbabara sa daluyan ng dumi na ginagamot sa ospital at maaaring mangailangan ng operasyon. Natural itong nangyayari sa ilang sanggol taon-taon sa United States, at kadalasang walang nalalamang dahilan kung bakit ito nangyayari. Mayroon ding maliit na panganib ng intussusception dahil sa bakuna sa rotavirus, kadalasan nang sa loob ng isang linggo mula sa una o ikalawang dosis ng bakuna. Ang karagdagang panganib na ito ay tinatayang mula sa humigit-kumulang 1 sa 20,000 sanggol sa U.S. hanggang sa 1 sa 100,000 sanggol sa U.S. na

U.S. Department of Health and Human Services
Centers for Disease Control and Prevention

nakakatanggap ng bakuna sa rotavirus. Mabibigyan ka ng iyong health care provider ng higit pang impormasyon.

Kagaya ng ibang gamot, may napakabihirang pagkakataon na magdulot ang bakuna ng malubhang allergic na reaksyon, iba pang seryosong pinsala, o pagkamatay.

5. Paano kung magkaroon ng seryosong problema?

Para sa intussusception, maghanap ng mga palatandaan ng masakit sa tiyan na kasabay ng matinding pag-iyak. Sa simula, puwedeng magtagal ang mga pag-atakeng ito nang ilang minuto at nawawala at bumabalik nang ilang beses sa isang oras. Maaaring iangat ng mga sanggol ang kanilang mga binti patungo sa kanilang dibdib. Maaari ding magsuka ang iyong sanggol nang ilang beses o may dugo sa dumi, o mukhang nanghihina o masyadong iritado. Kadalasang nangyayari ang mga palatandaang ito sa unang linggo pagkatapos ng una o ikalawang dosis ng bakuna sa rotavirus, pero bantayan ang mga ito anumang oras pagkatapos ng pagbabakuna. Kung sa palagay mo ay may intussusception ang iyong sanggol, agad na makipag-ugnayan sa isang health care provider. Kung hindi mo matawagan ang iyong health care provider, dalhin ang iyong sanggol sa ospital. Sabihin sa kanila kung kailan nakatanggap ng bakuna sa rotavirus ang iyong sanggol.

Puwedeng magkaroon ng allergic na reaksyon pagkaalis sa klinika ng binakunahan. Kung makakita ka ng mga malulubhang allergic na reaksyon (mga pamamantal, pamamaga ng mukha at lalamunan, hirap sa paghinga, mabilis na tibok ng puso, pagkahilo, o panghihina), tumawag sa **9-1-1** at dalhin ang tao sa pinakamalapit na ospital.

Para sa ibang palatandaan na ikinababahala mo, tawagan ang iyong haelth care provider.

Dapat iulat ang malulubhang reaksyon sa Vaccine Adverse Event Reporting System (VAERS).

Kadalasang ang iyong health care provider ang mag-uulat nito, o puwedeng ikaw mismo ang gumawa nito. Bisitahin ang website ng VAERS sa **www.vaers.hhs.gov** o tumawag sa **1-800-822-7967**. *Ang VAERS ay para lang sa pag-uulat ng mga reaksyon, at hindi nagbibigay ang mga staff ng VAERS ng medikal na payo.*

6. National Vaccine Injury Compensation Program

Ang National Vaccine Injury Compensation Program (VICP) ay isang pederal na programa na ginawa para magbigay ng kompensasyon sa mga taong posibleng napinsala ng ilang partikular na bakuna. Ang mga claim tungkol sa sinasabing pinsala o pagkamatay dahil sa pagbabakuna ay may limitasyon sa panahon ng pag-file, na puwedeng kasing-ikli lang ng dalawang taon. Bumisita sa website ng VICP sa **www.hrsa.gov/vaccinecompensation** o tumawag sa **1-800-338-2382** para malaman ang tungkol sa programa at tungkol sa pag-file ng claim.

7. Paano ko malalaman ang higit pang impormasyon?

- Magtanong sa iyong health care provider.
- Tumawag sa iyong lokal o pang-estadong kagawaran ng kalusugan.
- Bumisita sa website ng Food and Drug Administration (FDA) para sa mga vaccine package insert at karagdagang impormasyon sa **www.fda.gov/vaccines-blood-biologics/vaccines**.
- Makipag-ugnayan sa Centers for Disease Control and Prevention (CDC):
  - Tawagan ang **1-800-232-4636** (**1-800-CDC-INFO**) o
  - Bumista sa website ng CDC sa **www.cdc.gov/vaccines**.

Tagalog translation provided by California Department of Public Health, Immunization Program

Upang pahintulutan ang (mga) tagapagkaloob ng pangangalagang medikal ng tumpak na impormasyon tungkol sa kalagayan ng panlaban sa sakit o pagbabakuna, pagtaya sa panlaban sa sakit, at isang inirerekomendang palatuntunan ng pagbibigay sa hinaharap ng panlaban sa sakit, ang impormasyon ay ipapadala sa Michigan Care Improvement Registry (Talaan ng Pagpapahusay ng Pangangalaga ng Michigan). Ang mga tao ay may karapatang humiling na huwag magpadala ng impormasyon sa Talaan ang kanilang tagapagkaloob ng pangangalagang medikal.

DCH-0577T AUTH: P. H. S., Act 42, Sect. 2126.